# TALAVERA NGAYON

Opisyal na Lathain ng Pamahalaang Bayan ng Talavera

BUKAS NA PAHAYAGAN PARA SA MAMAMAYAN

Vol. 05-01 | www.talavera.gov.ph | Email Address: talavera.lgu@gmail.com | 1st Semester 2018


## Celebrating a Half Decade of Success

It is difficult not to be proud of what Talavera has achieved over the past five years since Mayor Nerivi Santos Martinez first won the 2013 election. In celebration of her birthday this July, we also give tribute to her effort and dedication in making Talavera a cut above the rest.

By focusing on LEAP HIGHER, the platform that we can call her greatest endeavor, Mayor Nerivi Santos Martinez was able to provide better services for the people of Talavera catering livelihood, education and environment, agriculture, public safety, health, infrastructure and investment promotion, good governance, housing, entrepreneurship and revenue collection and resiliency.

From Gulayan Program, a flagship program of the municipality which aims to provide food on the table for the families, to Kusina ng Kalinga where schoolchildren are fed with nutritious lunch in partnership






with Gawad Kalinga, Ateneo and Department of Education, Mayor Nerivi Santos Martinez was able to provide programs that address hunger and proper nutrition.

Another program that caters to the youth is the scholarship where students are given allowances for their education and the "Kolehiyo ng Bayan" which provides them free tuition.

(Sundan sa P-5)

### Congratulations, Ma'am at Sir!




Apatnapu't walong (48) mag-aaral mula sa Nueva Ecija University of Science and Technology – MGT (Talavera Off Campus) ang pumasa sa Licensure Examination for Teachers (LET) ng Professional Regulation Commission (PRC) nitong Marso 2018.

Kabilang sa mga pumasa ay sina:

1. **ADSUARA, ELVIE QUINISAN**
2. **AGBALOG, GERVEE JOY CORPUZ**
3. **AGUSTIN, KRISSEL ANN VILLAVIZA**
4. **ALCANTARA, GLAIZA BUCO**
5. **BALAJADIA,MELISSA YUZON**
6. **BALBIDO, KATHLEEN SAMSON**
7. **BONIFACIO, ALONA MARCEL**
8. **CLEMENTE, HAIDEE ESTEBAN**
9. **CORPUZ, ROLLY QUIBRANTOS**
10. **CRUZ, REGINE JOYCE AGUIRRE**
11. **DE LUNA, ROSE ANN OCTAVIO**
12. **DELA CRUZ, ANGELOU GAMIT**
13. **DIAZ, KIRSTEN PAGADUAN**
14. **DULDULAO, ALEXANDREA MAE FELIPE**
15. **FERNANDEZ, JERARD CASTAÑEDA**
16. **GABOY, GERALD BALINGCONGAN**
17. **GABOY, JUVY ROSE QUIROZ**
18. **GACGACAO, SHELO SANTOS**
19. **GARCIA, MARLYN MANUSON**
20. **GARCIA, MA. JESSICA DAYO**

(Sundan sa P-11)



## BPLO, Muling Humakot ng Parangal

Anim (6) na parangal ang tinanggap nina Mayor Nerivi Santos Martinez at Business Permits and Licensing Office (BPLO) head Rosemarie Reyes mula sa Central Luzon Growth Corridor Foundation Inc. (CLGCFI) katuwang ang Department of Trade and Industry (DTI), Department of Interior and Local Government (DILG) at Department of Information and Communications Technology (DICT).

Ang parangal ay ipinagkaloob sa pagdiriwang ng 12th Recognition of Outstanding Central Luzon LGUs Implementing the Streamlining Program in the Issuance of Mayor's Permit sa Diwa ng Tarlak Convention Center, Tarlac City noong ika-29 ng Hunyo, 2018.

Ito ay pagkilala sa mga munisipalidad at siyudad sa buong Rehiyon 3 na matagumpay na nagpapatupad ng Nationwide Streamlining of the Business Permits & Licensing Systems (BPLS) Program ayon sa DTI-DILG Joint Memorandum Circular No. 01, Series of 2010. Ito rin ay pagkilala sa mga pamahalaang nagsisikap upang mas mapahusay ang proseso ng pagnenegosyo sa bawat bayan at may responsableng pamumuno upang masiguro ang mabilis na pagproseso ng business permits ng bawat negosyante at Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs).

Kabilang sa anim (6) na plake na tinanggap ng Talavera ay Most Outstanding LGU Implementing the Streamlining Program in the Issuance of Mayor's Permit (1st place), 2017 Most Outstanding LGU for IT Innovations (1st place) at 2017 Best LGU in Customer Relations (1st place) sa Provincial Category.

(Sundan sa P-10)

## Kusina ng Kalinga, malusog na katawan at pag-iisip

Ayon kay Fr. Bienvenido Nebres, dating president ng Ateneo de Manila University, ang kahirapan ay hindi dahil sa kakulangan ng pera o kakulangan ng trabaho o oportunidad. Sa kanyang pananaw, ang kahirapan ay dala ng kakulangan ng basic education at tamang kaalaman ng basic health. Paniwala niya na ang edukasyon at kalusugan ang tamang armas na magbibigay ng kapasidad upang makaangat sa kahirapan ang Filipino.

Dahil dito, nagsama-sama at nagtulong-tulong ang Ateneo de Manila University (ADMU), Gawad Kalinga (GK), Department of Education DepEd) at ang local na pamahalaan upang masolusyunan ang problemang ito sa pamamagitan ng Kusina ng Kalinga (KnK).

Inilunsad ang KnK sa Bayan ng Talavera noong Nobyembre 2017 at nagtapos noong Marso 2018, kung saan nagpakain sa kabuuang isangdaan at dalawampung (120) araw para sa mga batang sobrang kulang sa timbang o severely wasted. Alam ng bawat magulang at ng mga guro na kung ang batang mag-aaral ay hindi nakakain ng tama, ito ay hindi makapag-aaral ng mabuti at maaring magkasakit.

(Sundan sa P-3)




**"Masaya po akong pumapasok sa school kasi masarap po kumain sa Kusina. Paborito ko pong kinakain 'yung Repolyo Guisado kasi sabi po ni papa kailangan kong masanay na kumain ng gulay. Gusto ko pong maging pulis paglaki ko para huhulihin ko 'yung mga magnanakaw."**

*- Jaime, 7, Grade 1 - Mabait of Talavera Central School*

## PRIME - HRM

Kaugnay ng programa ng Civil Service Commission (CSC) na Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence in Human Resource Management (PRIME-HRM), sumailalim sa isang on-site assessment ang Human Resource Management Office (HRMO) ng Talavera sa pangunguna ni HRMO Officer Chona V. Salazar noong Hunyo 24 – 25, 2018.



Ang PRIME – HRM ay may layuning hubugin ang sistema ng HRM upang sila ay magkaroon ng kakayahang maiangat ang antas ng kanilang ahensya tungo sa isang mabuting pamamahala at mapahusay ang pagbibigay ng serbisyo-publiko sa pamamagitan ng pagsusuri ng kanilang kapasidad gamit ang tinatawag na HRM maturity level indicators na nakatugon sa pamantayan ng global human resource management areas ay Recruitment, Selection and Placement (RSP), Performance Management, Learning and Development at Rewards and Recognition. Ang pagkilala ay patunay ng kakayahan ng HRMO sa pagganap ng kanilang tungkulin.

HRM.

Noong nakaraang Hunyo 13, 2018, isa ang Bayan ng Talavera sa pitong (7) kinilala ng CSC Region III sa pagtugon nito sa HR Maturity Level 2 in the 4 core areas of the PRIME HRM. Kabilang sa apat na

(Sundan sa P-8)

# BATANG TALAVERA, PROUD ISKOLAR NG BAYAN!

Camile Shaine Francisco

Tunay ngang kaysarap mangarap, ngunit sa paanong paraan nga ba maisasakatuparan yaong mga munting pangarap?

Masasabi kong sa isang simpleng pangarap lamang nagsimula ang lahat. Isang pangarap na nag-udyok sa akin na pagtibayin ang aking pananalig at panghawakan ang salitang pag-asa. Ako si Camile Shaine P. Francisco, dalawampu't isang taong gulang, isang simpleng kabataan mula sa Barangay Collado. Maraming kabataan ang nais mag-aral at makapagtapos ngunit walang kakayahan ang kanilang mga magulang na sila ay pag-aralin sa kolehiyo, ngunit dumating ang panahon na masasabi kong nagbukas ang isang pinto ng oportunidad para sa mga kabataang hangad ay makatapos ng pag-aaral.

Nailunsad ang programang "Libreng Edukasyon sa Kolehiyo" na handog ng punong bayan ng Talavera at mapalad ako sapagkat isa ako sa mga kinikilalang iskolar ng aming bayan. Hindi matawarang galak ang aking nadama noong ako ay makapasok sa kolehiyo na walang binabayaran dahil batid ko ring nakatungtong na ako sa unang baitang ng hagdan tungo sa aking matayog na pangarap.

Buwan ng Hunyo taong dalawang-libo't labing apat, ako'y nagsimulang maging Iskolar ng aming bayan. Dahilan sa nais kong makatulong sa aking magulang at maka-ahon sa hirap, hindi naging hadlang sa akin upang bumiyahe ng gabi at baybayin ang madilim na daan makapasok lamang sapagkat akoy naniniwala na ang dilim na iyon ay siya ring magdudulot ng liwanag sa aking pagtahak sa landas ng aking mga pangarap.

Isang regalong walang katumbas ang makapag-aral ng libre lalo na sa katulad kong kapos upang matugunan ang mga pangangailangan. Ngunit sadyang mapaglaro nga naman ang tadhana, sa loob ng apat na taon ko sa kolehiyo tila bang kasabay nito ang pagsulyap ng ilang mga pagsubok sa buhay. Mga problema sa pinansyal at maging sa pamilya, ngunit hindi ito naging balakid sa akin upang ako ay huminto at maudlot na naman ang nasimulang pangarap, bagkus ako ay lalong naging matatag, determinado sa buhay at nag-aral ng mabuti upang ang lahat ng aking pangarap ay magkaroon ng katuparan.

Hindi maitatanggi na ang problema, kung minsan ay bigla na lamang darating sa atin.

(Sundan sa P-4)

**TALAVERA EMERGENCY HOTLINE**

**BUREAU OF FIRE PROTECTION**
(044) 940 - 9684
0932 - 467 - 5515

**PNP TALAVERA**
(044) 336 - 0842
(044) 958 - 3831
0915 - 688 - 0642
0998 - 598 - 5412

**PJGMRMC EMERGENCY**
(044) 411 - 1553

**MDRRMC RESCUE (LGU)**
0917 - 159 - 8675
0915 - 568 - 6067

# Takbo Para kay Lolo at Lola





Mahigit walong daan (800) ang nakiisa sa Color Talavera Run V2.0 sa pangunguna ng Kaagapay sa Pangkabuhayan Lending Inc. (KASAPI) Foundation kasama ang Pamahalaang Bayan ng Talavera. Ito ay ginanap kasabay ng pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka 2018 noong Mayo 14, 2018.

Ang aktibidad ay nahahati sa 3K at 5K na kategorya. Nagsimula ang Color Run sa isang Zumba session na nilahukan ng lahat ng mga kasali sa Himnasyo ng Bayan. Sa kanilang pagtakbo, may dalawang istasyon kung saan ang mga kalahok ay sasabuyan ng makukulay na pulbos hanggang sila ay magtapos sa 3K sa Walter Mart at sa 5K na ruta hanggang sa Crystal Waves. Kasamang tumakbo at nakiisa sina Mayor Nerivi Santos Martinez at Bokal Rafael Andrew "Rap-Rap" Villanueva sa programa.

Ang gawain ay ginanap hindi lamang upang mapalaganap ang malusog na pangangatawan kung hindi makalikom ng pondo na kabahagi ang programa ni Mayor Nerivi para sa mga senior citizen. Nito ngang Hunyo 21 ay ipinagkaloob ang unang wheelchair na handog ng KASAPI Foundation. Ito ay masayang tinanggap ng anak ni Gng. Remedios Bonifacio ng Barangay Sicsican Matanda. Tatlo pang wheelchair ang ipagkakaloob para sa ating mga lolo at lola.

Ang samahan ng KASAPI Foundation at Pamahalaang Bayan ng Talavera ay tunay na pinagtitibay ng mga katulad nitong gawain. Ito ay isang pagpapatunay na malaking bagay kung magtutulong-tulong ang pribadong sektor at lokal na pamahalaan. Para kay Mayor Nerivi, lubos ang kanyang suporta at kalinga lalung-lalo na para sa mga nakatatanda.




# Mga pangunahing magsasaka, Mabuhay ka!



Limang magsasaka mula sa Bayan ng Talavera ang pinarangalan kasabay ng selebrasyon ng Linggo ng Magsasaka 2018 noong ika-11 ng Mayo 2018. Sila ay itinuring na mga Natatanging Magsasaka ng Talavera 2018!

Sa larangan ng pagsasaka ng palay kinilala si G. Honorio T. Alcantara ng Barangay Pinagpanaan sa kanyang pagtanggap sa makabagong pamamaraan o teknolohiya sa pagsasaka at maituro at makatulong ito sa kanyang kapwa magsasaka.

Si G. Ricardo P. Buenaventura, chairman ng Nagkakaisang Magsasaka Agricultural Primary Multi-Purpose Cooperatives (NMAPMPC), ay kinilala sa kanyang dedikasyon at mahusay na pamumuno upang tanghalin ang kanilang kooperatiba bilang pinakamatagumpay sa Nueba Ecija.

Si G. Danilo V. Fausto, isang negosyante, ay kinilala sa kanyang ipinamalas na galing sa pangangalakal ng mga produkto mula sa gatas ng kalabaw gaya ng fresh carabao's milk, flavored carabao's milk, pastilyas de leche, kesong puti, mozzarella cheese, yogurt, yogurt milk at butter. Gamit ang trade name na DVF Dairy Farm, kilala ang mga produktong ito hindi lang sa Talavera at buong Pilipinas kung hindi maski na sa ibang bansa.

Sa kanyang husay bilang isang dairy farmer, napagtagumpayan ni G. Michael R. Pascual ng Barangay Minabuyoc ang kahirapan ng buhay upang kilalanin ang kanyang sipag at dedikasyon, maitaas ang antas ng kanilang pamumuhay at maging isang ehemplo sa kapwa magsasaka,

Para kay G. Ernesto R. Romero ng Barangay Pinagpanaan, kinilala ang kanyang maraming kontribusyon sa larangan ng pagsasaka ng palay at pagtatanim ng gulay. Dati na rin siyang kinilala bilang Seed Grower at Magsasaka Siyentista na naging daan upang tumaas ang ani ng mga magsasaka.

Ang pagpaparangal na iginawad sa kanila ay bunsod ng kanilang naging ambag upang ang agrikultura o pagsasaka ay mas lalong lumago at ipakitang ito ay isang lukratibong pamamaraan ng paghahanapbuhay.

Saludo ang Bayan ng Talavera sa inyong lahat, mabuhay kayo!

**TALAVERA NGAYON**
Bukas na Pahayagan Para sa Mamamayan

PATNUGUTAN

NERIVI SANTOS MARTINEZ
Punong Bayan

ATTY. ROSITA TORRES
Legal Consultant

EDITORIAL BOARD

EDITH M. JONGO
Editor-in-chief

CHRISTIAN R. PANGAN
Layout Artist

DUNHILL V. GONZALES
Photographer

Contributors

MEG ANNE L. RIVERA
ERICKA ARENAS   DARA JILL DEL ROSARIO
JOSE PEPE EMANA   CAMILE SHAINE FRANCISCO
PTR. OLIVER MANZANO   ERIC NEPOMUCENO

ENGR. NERITO L. SANTOS
Adviser

# Halalan sa Barangay at SK 2018

Sa kabila ng ilang beses na pagpapaliban sa Barangay at Sangguniang Kabataan (SK), maayos at mapayapang halalan ang naganap sa limampu't tatlong (53) barangay sa Bayan ng Talavera noong nakaraang Mayo 14, 2018. Sa pangunguna ng Commission on Elections (COMELEC), Talavera Police Station, Department of Education (DepEd) at ng Lokal na Pamahalaan ng Talavera ay naging matagumpay ang nasabing eleksyon.



Kasabay ng kanilang pagkapanalo bilang mga bagong halal na opisyal ng barangay, naging hamon sa bawat isa na patunayan ang kanilang sarili at kakayanan. Mensahe ni Mayor Nerivi S. Martinez para sa lahat lalo't higit sa mga dati nang nanunungkulan na panatilihin ang magagandang gawain para sa ikauunlad ng bawat barangay.

Kinilala rin ni Mayor Nerivi ang pagsisikap ng ating mga kapulisan. Higit na naging mahalaga ang kanilang papel sa nakaraang halalan dahil sa pagbibigay nila ng seguridad sa bawat barangay at sa kanilang tapat na pagbabantay upang maging maayos ang pagdaraos nito sa bayan.

Matapos ang eleksyon, sabay sabay namang nanumpa ang mga bagong halal na opisyal ng Sangguniang Kabataan noong ika-22 ng Mayo, taong kasalukuyan na ginanap sa Himnasyo ng Bayan.

Dahil ito ang kauna-unahang pangkat ng Sangguniang Kabataan sa ilalim ng termino ni Mayor Nerivi, ipinahayag niya ang kagalakang magkaroon ng boses at partisipasyon ang bawat kabataan sa Talavera. Ipinaalala rin niya ang obligasyon ng bawat isa sa kani-kanilang barangay at ang pakikipagtulungan nila sa bawat kapitan. Hinimok niya ang lahat na magkaroon ng magandang panukala tungo sa mas ikagaganda at ikauunlad ng barangay.

Ayon kay Mayor Nerivi, inaasahan niya na ang mga naluklok ay maging modelo ng kanilang barangay na nasasakupan. Aniya, walang kapalit na halaga ang serbisyong ibibigay nila sa mamamayan.

Isa-puso ang paglilingkod. Ito naman ang mensahe ni Vice Mayor Anselmo Rodiell III sa mga pinuno ng mga kabataan. Ayon sa kanya, ang isang tunay na lingkod bayan ay nagpapatupad ng mabuting pamamahala at kaugalian.

(Sundan sa P-8)

# TOP TEN... (mula p12)



Sa kanilang pakiki-isa at pagtupad ng kanilang tungkulin para sa kabutihan ng bayan, ang Talavera sa pamumuno ni Mayor Nerivi Santos Martinez ay taos na nagpapasalamat sa kabutihang dulot nito lalo pa't nakalaan ito sa pagpapatupad ng mga serbisyo para sa mamamayan.

Ang patuloy na pagsisikap na mas lalong pagandahin ang estado ng pangangalakal ay upang makahikayat ng mga namumuhunan na magtayo ng kanilang mga negosyo sa Bayan ng Talavera.

Hindi lingid sa karamihan na kinikilala ang Talavera sa mahusay na pamamalakad ng BPLO kung saan nakamit nito ang Most Outstanding LGU Implementing the Streamlining Program in the Issuance of Mayor's Permits at Best LGU in Customer Relations. Ito ay mga parangal na ibinigay ng Central Luzon Growth Corridor Foundation, Inc at ng Department of Trade and Industry (DTI).

Batid ni Mayor Nerivi Santos Martinez na ang progreso ng Bayan ng Talavera ay magbibigay ng katumbas na pag-unlad para sa mamamayan. Kadugtong nito ang mas maraming serbisyo para sa lahat.

# Isulong, Luntiang Kapaligiran

Nagsama-sama sa isang malawakang pagtatanim ng puno si Mayor Nerivi Santos Martinez, mga kapitan ng barangay kasama ang kanilang mga konsehal, Sangguniang Kabataan (SK), ilang paaralan gaya ng Talavera National High School, Tabacao National High School, Sibul National High School, San Ricardo National High School, Renato E. Herrera (REH) Montessori College at Schola Christi sa pagdiriwang ng Arbor Day 2018, noong Hunyo 25, 2018. Ang gawaing ito ay bahagi ng paghahanda sa gagawing Ecological Solid Waste Management Park sa lumang dumpsite na matatagpuan sa Brgy. Bagong Silang.

Sa pangunguna ng Municipal Environment and Natural Resources (MENRO), sabay sabay na itinanim ang iba't ibang uri ng puno sa lugar tulad ng kasuy, bayabas, guyabano, langka, malunggay, madre de cacao, ilang-ilang at champaca.

Sa pamamagitan ng iba't ibang programang pang kalikasan ng Lokal na Pamahalaan ng Talavera tulad ng pagtatanim ng puno, nagagawa nitong protektahan ang ating Inang Kalikasan at dahan-dahang maibalik ang ganda ng ating mundo. Isa ito sa mga paraan upang masiguro ang isang magandang kinabukasan para sa mga kabataan at sa susunod pang henerasyon.

Ang gawain ay nagsilbing paalala ng mahalagang papel na ginagampanan ng mga punongkahoy sa ating kapaligiran, ng malaking responsibilidad ng bawat isa upang pangalagaan ang mga ito at ng magandang epekto ng pagtatanim ng puno sa bawat komunidad. Layunin ng gawain na hikayatin ang mga mamamayan na magtanim ng iba't ibang uri ng halaman upang muling maging luntian ang ating kapaligiran.



Lubos na nagpapasalamat si Mayor Nerivi Santos Martinez sa lahat ng nakiisa sa gawain. Ang pagkakaisang ito ay nagpapahayag ng malasakit ng taongbayan sa ating Inang Kalikasan. Ito rin ay patunay ng magagandang hakbang ng pamahalaan at ng bawat komunidad upang mapangalagaan at mapagyaman ang ating daigdig sa kabila ng pagbabago ng klima.

Ang gawain ay pagtugon sa Proclamation 643 kung saan isinusulong ang partisipasyon ng mga ahensya ng gobyerno, pribadong sektor, paaralan at civil society groups na isagawa ang Philippine Arbor Day tuwing Hunyo 25 sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga punongkahoy upang maisulong ang importansya ng mga ito sa kapaligiran maging sa mamamayan.

# TAPWD... Good Job!



On December 2017, the Talavera Association of Persons with Disability (TAPWD) won the 2nd place award for the PWD Most Friendly Municipality in Region III. The awarding was held in Stotsenberg Hotel in Clark, Pampanga.

Together with some of the officials of the TAPWD led by Dara Jill del Rosario, Chiari Manuel and Randy Villados, Mrs. Maxima De Ocampo, Municipal Social Welfare and Development Officer with Alma Laureano, Joanna Marie del Rosario and Vhershen Santiago attended the awarding ceremony.

It was the first time for Talavera to join the regional competition and winning 2nd place wouldn't be possible without the guidance and coordination of Mrs. Maxima A. De Ocampo and the never-ending support of the beloved Mayor of Talavera, Nerivi Santos-Martinez.

The TAPWD was only established last August 29, 2017. The officers of the association are Dara del Rosario – president, Mark Anthony Quitorio – Vice President, Chiari Manuel – Secretary, Jayson Evangelist – Auditor and Randy Villados and Jasper dela Cruz – PROs. They spearheaded and organized the association to become the moving force for all PWDs.

A month after they were organized, TAPWD was qualified to join the said regional competition because of its livelihood project as an association. This livelihood project is committed to making the PWD's lives better through giving them basic knowledge regarding entrepreneurship. Their office in the municipality also known as Persons with Disability Affairs Office - PDAO was given to them by the generous Mayor Nerivi Santos- Martinez. The PDAO was also approved by the Sangguniang Bayan through Vice Mayor Junjun Rodiel and all the municipal councilors of Talavera. TAPWD is continuously striving to make Talavera a friendly place for all the PWD citizens of the town.

The creation of the association is a clear indication that in Talavera, equal opportunity for the differently abled is given focus. Empowering the PWDs is a conscious effort that they are given access to health, education and other services that are provided for by the local government.

# Kusina ng Kalinga... (mula p1)

Kasama ang labing-anim (16) na paaralan sa Bayan ng Talavera, pinakain ang tatlumpong daan at dalawampung tatlong (323) mag-aaral na pagkatapos ng programa ay nagkaroon ng makabuluhang pagtaas ng timbang. Higit dito, ang mga bata ay nakitaan ng sigla at saya at nagkaroon ng bagong sigasig sa kanilang pag-aaral.

Ang programang KnK ay isang kasanayang ng pag-uugnayan at kooperasyon. Sa programang ito, ang ADMU at GK na siyang nagsanib upang mabigyan ng tamang pagkakataon ang mga bata ang siyang nag sanay sa mga nakilahok na mga local na pamahalaan gaya ng Talavera. Mga pagkaing tama sa sustansiya ang ihinanda upang maibsan ang kakulangan ng timbang ng mga bata. Ang DepEd ang nag-ukol ng pananalapi habang nagmula sa pamahalaang local ang pagpapagawa ng kusina na ginamit sa pagluluto ng mga pagkain.

Katulong din ang mga magulang ng mga bata, kasama sa pamamahagi ng pagkain, paglilinis sa kusina at paghahanda ng mga lulutuin. Sila ay kusang nagboluntaryo upang makatulong sa mga gawain.

Lubos ang kagalakan ni Mayor Nerivi Santos Martinez na isa ang Talavera sa napiling paglunsaran ng KnK sa Nueva Ecija. Aniya, ito ay malaking tulong sa mga mag-aaral hindi lang sa kalusugan at nutrisyon ng mga ito kung hindi para sa mga magulang na kasamang natututo sa kahalagahan ng tamang pagpapakain ng kanilang mga anak; na ang tamang nutrisyon lalo na sa mga lumalaking mga bata ay may epekto sa kanilang tamang kaisipan at kalusugan sa paglaki nito.

Nais ni Mayor Nerivi na mas lalong mapalawak ang programang ito kasabay ng feeding program na isa rin programang pangnutrisyon ng pamahalaang lokal. Yakap ni Mayor Nerivi ang kanitong klaseng programa at higit sa lahat ito ay kanyang paglalaanan ng atensiyon upang mas maraming bata ang makinabang.

Gaya ng sinasabi ng Gawad Kalinga, "let us end hunger by caring together." Kaya nating lampasan ang kahirapan at kagutuman sa sama-samang pagkalinga at pagmamalasakit.

Sa mga katuwang ng programang ito, para sa Gawad Kalinga, Ateneo de Manila, Department of Education, mga guro at mga magulang, at mga tumangkilik sa layuning ito, isa pong taos na pasasalamat!

# Gatas ng Kalabaw Festival sa Talavera



Ceremonial slicing ng dambuhalang kesong puti pinangunahan ni MAYOR NERIVI S. MARTINEZ.

Muling ginanap sa Bayan ng Talavera ang Gatas ng Kalabaw Festival nitong ika-9 ng Mayo, 2018 sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI), Philippine Carabao Center (PCC), Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Agriculture (DA) at Pamahalaang Bayan ng Talavera. Ang programang ito ay kasabay ng pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka 2018 bilang paggunita sa Kapistahan ng Patron ng mga magsasaka, San Isidro Labrador.

Sa temang: "Masaganang Buhay ng Magsasaka sa Maunlad na Bayan ng Talavera", ang selebrasyon ay isinagawa bilang pagbibigay-pugay at pagkilala sa mga magsasaka sa bayan. Kasama ni Mayor Nerivi S. Martinez, Vice Mayor Anselmo Rodiel III, mga miyembro ng Sangguniang Bayan at iba pang opisyal ng lokal na pamahalaan, ilan sa mga bisitang dumalo ay sina Department of Trade and Industry (DTI) Provincial Director Brigida Pili, Dr. Eva Fernando ng Department of Agriculture – Field Office III (DA-FOIII), Philippine Carabao Center (PCC) Executive Director Dr. Arnel N. Del Barrio at Board Member Belinda "Baby" Palilio.

Sabay-sabay na ininom ng mga panauhin at limampung (50) mag-aaral mula sa Day Care ang masustansyang gatas ng kalabaw na simbolo ng kahalagahan nito sa kalusugan ng tao at ang malaking ambag nito sa kabuhayan ng bawat magsasaka sa "Tagay-Pugay" o Toast of Salutation.

(Sundan sa P-5)

# SK's Corner



**The Municipality of "Bagong Talavera" has been progressing across our country. Various changes have been made for the best and up to now, it's still leading towards good local governance.**

*"I would like to extend my gratitude to each and every one for choosing me as the newly-elected President of the Sangguniang Kabataan of Talavera. I am fully blessed to be a part in serving the needs of my fellow youth, to share and implement my ideas.*

*Our Historic Hero Dr. Jose Rizal once said that "Nasa Kabataan ang pag-asa ng Bayan". This famous line is very familiar to every youth and now that the Sangguniang Kabataan has been given again the chance to maximize our capabilities to help and improve the youth of Talavera, I and my fellow officers, Michael Bulanadi as Vice President, Jewell Garingo as Secretary, Rod Mabait as Treasurer, Aljon Isidro as Auditor, Kristine Tiangco as Public Relations Officer and Dhenize Parica as Sergeant at Arms, are willing to dedicate ourselves to effectively implement the future projects of the Sangguniang Kabataan.*

*Firstly, I personally believe that "education is the key to success" because without full education, the future limits the stepping stone for the youth to achieve their greatest goal in life. Education is my topmost priority for my fellow youth. Therefore, I am extending my hands in helping the youth for them to be given opportunities to learn.*

*Secondly, we want to prioritize Clean and Green projects. While promoting education, we can also increase the awareness of every youth in protecting our environment. Every youth in our respective barangays should be familiar with the segregation of wastes and its importance. Others may think that segregating is a waste of time, but through our joint efforts, we will give them enough ideas for them to know that improper waste management can bring ill effects to the environment.*

*Lastly, we want to enjoin our youth in Sports. It is a great time for them to develop their skills and talents. It is a very interesting project as most of the youth in our municipality will be able to participate and it will also bring entertainment for the people of Talavera.*

*Stated above are the matters I will give focus on and as we go along, I and my fellow Sangguniang Kabataan Chairpersons will continue to seek the needs of our youth and we will be taking actions for any further concerns we hear from them."*

**-Ericka Clarisse Fernando Arenas**
SK Federation President
Brgy. Esguerra

## BATANG TALAVERA... (mula p2)

Huling taon ko noon sa NEUST-MGT nang ang aking pamilya ay nagkaroon muli ng isang pagsubok na tila ba ay nadapa ako sa sakit ngunit kailangan kong tumayo at sinabi ko sa sarili kong kailanman ay hindi ako susuko. Sobrang sakit na makita mo ang iyong ama na syang naghahanap-buhay para sa inyo, na ngayon ay nasa loob ng piitan lalo pa at malapit na ang araw ng aking pagtatapos sa kolehiyo. Pero isa akong buhay na patotoo na hindi kailanman magiging balakid ang anumang pagsubok gaano man ito kalaki at kabigat upang tayo ay malugmok sa buhay, manatili lamang tayong matapang sa bawat oras.

Bilang isang iskolar ng bayan na nagtapos sa kursong Bachelor of Science in Business Administration- Major in Marketing, nagamit ko ito upang makatulong hindi lamang sa aking sarili bagkus ay sa aking pamilya sa pamamagitan ng pagbebenta ng iba't ibang produkto. Naranasan ko rin ang mamasada gamit ang aming tricycle upang kahit sa maliit na halaga na aking kinikita ay maipagpatuloy ko ang aking pag-aaral.

Hindi ganun kadali ang lahat ngunit dahil sa libreng edukasyon sa aming bayan, ang lahat ng aking paghihirap at pagsusumikap ay nagbunga at sa araw ng aking pagtatapos tinanggap ko ang isa pang regalong walang katumbas. MAGNA CUM LAUDE, tatlong Latin na salita para sa isang mapait na karanasan ngunit nagsilbi ring bunga na katumbas ay isang matamis na tagumpay na hindi kailanman mananakaw ng sinuman.

Pananalig sa Lumikha, pagsisikap, pagtitiis, lakas ng loob at pagmamahal sa pamilya ang aking naging mga sandata upang mapagtagumpayan ang anumang hamon sa aking buhay.

Sa kasalukuyan, ako ay mayroon nang hanapbuhay, unti-unti ko nang natutupad lahat ng aking pangarap. Sa mga kapwa ko mga kabataan, patuloy tayong mangarap, magpasamalat at pahalagahan ang libreng edukasyong sa atin ay kaloob. Gaano man kalaki ang pagsubok na dumating, siguraduhin nating mas malaki rito ang ating pananalig at paninindigan na kailanma'y hindi tayo mananatiling mahirap bagkus tayo ay maniwala na darating ang oras na tayo ay magtatagumpay at ang mga pangarap natin noon ay maisasakatuparan pagdating ng panahon.

Muli ako si Camile Shaine P. Francisco, Iskolar ng Bayan ng Talavera at habang buhay na magpapasalamat sa oportunidad na bigay sa akin ng aking bayan. Mabuhay ang mga kabataan, Mabuhay ang NEUST-MGT, Mabuhay ang Bayan ng TALAVERA.

# Gandang Kalabaw 2018





Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga kalabaw lalo na sa Bayan ng Talavera, kung saan pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng bawat mamamayan. Sila ang kasama ng ating mga magsasaka mula sa pag-aararo ng palayan hanggang sa pagdadala ng mga aning palay sa merkado.

Naging bida ang mga alagang kalabaw mula sa iba't ibang barangay ng Talavera. Ipinakita ang kanilang makikintab na kasuotan at palamuti, makukulay na damit at ang ilang malikhaing pinta sa katawan tampok ang larawan ng San Isidro Parish Church, ni San Isidro Labrador at ng Bayan ng Talavera.

191 na kalabaw ang pumarada sa Bayan ng Talavera sa ginanap na Gandang Kalabaw nitong Mayo 14. Ito ay parte ng pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka 2018 bilang parangal at papuri sa Patron ng mga Magsasaka, San Isidro Labrador.

Ayon sa mga tala at kasaysayan tungkol sa Patron ng mga Magsasaka, si San Isidro ay isang manggagawa sa isang sakahan. Ipinagtaka ng kanyang amo ang kanyang kahusayan sa kabila ng kanyang madalas na pagpasok ng tanghali sa trabaho. Dahil dito, napagdesisyonan ng may-ari ng lupain na lutasin ang hiwaga sa likod nito, at doon niya nakita na ang nag-aararo ng palayan ay isang anghel. Sa pagkamangha, agad siyang lumuhod sa harap ni San Isidro.

Tulad ng kwento, natunghayan at napamangha ang mga manonood nang lumuhod ang ilang kalabaw matapos silang basbasan ni Rev. Fr. Aldrin Domingo at Fr. Dean Jerome Cruz ng San Isidro Labrador Parish Church; naglalarawan ng malalim na pananampalataya, pagpapasalamat sa masaganang ani at mabuting kalusugan ng mga kalabaw at magsasaka.

Ang patimpalak ay isang magandang paraan upang mapabilang ang mga magsasaka at mamamayan hindi lamang sa pagbibihis ng kanilang mga alagang kalabaw, kung hindi pati na rin sa mga programa at aktibidad ng pamahalaan na may kinalaman sa agrikultura.

Umaasa si Mayor Nerivi Santos Martinez sa tuloy-tuloy na pagdaraos ng patimpalak, makapagbigay ng magandang benepisyo sa bawat magsasaka at mas maitaas ang bilang ng mga ipinagmamalaking kalabaw sa Bayan ng Talavera.

Malaking porsyento ng pamantayan ang orihinal na ideya sa pagdadamit ng kalabaw, kasanayan sa paglalagay ng dekorasyon at iba pang materyales na gamit para sa presentasyon. Kasama rin sa batayan ang disenyo ng kasuotan ng mga kalabaw.

Nagwagi sa unang pwesto ang kalabaw ni Ferdie Sordoncillo (Brgy. Pag-asa) at sinundan ito ng kalabaw ni Raymond Herrera (Brgy. Tabacao). Nakuha ni Leo Turalba (Brgy. Gulod) ang ikatlong pwesto samantalang ang ika-apat na pwesto ay nakamit ni Nicole Bryan Velasques (Brgy. Bantug Hacienda).

Ang iba pang lumahok sa patimpalak ay sina Roy Buco (Brgy. Baluga), Victor Turalba (Brgy. Gulod), Emilio Pagulayan (Brgy. Pag-Asa), Alfredo Pangan Jr. (Brgy. Campus), Ermito Zaragosa (Brgy. Poblacion), Rommel Mananguit (Brgy. Paludpod), Freddie Arellano (Brgy. Poblacion), Alejandro Carbonel (Brgy. Poblacion), Eminiano Yuson (Brgy. Pag-asa), Werlan Lucas (Brgy. Pag-asa), Rahmie Reguyal (Brgy. Paludpod), Jimmy Dela Cruz (Brgy. Gulod), Mario Manabat (Brgy. Poblacion), Christian Velasco (Brgy. Calipahan, Oying Yuson (Brgy. Pag-asa), Ritch Orpiano (Brgy. Gulod) at Jomel Senal (Brgy. Maestrang Kikay).

## Environmental Planner na!




Dalawa mula sa Talavera na kumuha ng dalawang araw na pagsusuri ang pumasa sa nakaraang Environmental Planner Licensure Examination na bigay ng Professional Regulation Commission (PRC) nitong nakaraang Hunyo, 2018.

Kabilang dito sina Engr. Noel Agliam ng Municipal Planning and Development Office (MPDO) at Engr. Lilibeth Manalo ng Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO).

Sampu ng Pamahalaang Bayan ng Talavera, lubos ang pagbati ni Mayor Nerivi Santos Martinez. Tunay at nararapat na ipagmalaki kayo ng pamahalaan sa inyong husay at galing.

(Sundan sa P-5)




# Banal na Salita

**Pastor Oliver Manzano (Faith Baptist Church)**

***Mark 8:36-37 "36 For what shall it profit a man, if he shall gain the whole world, and lose his own soul? 37 Or what shall a man give in exchange for his soul?***

People always argue who or what is the greatest in this world. In basketball, even families and friends get divided opinions and teams they like. They say that Michael Jordan is the GOAT (Greatest of All Time) but many will disagree and say it's Lebron James or Kobe Bryant. But what is really the greatest thing in this world?

**Remembering What Matters Most in Life**

We have this amazing capacity to both remember and forget. We tend to remember every single little hurt we ever had in life – we can recall little detail – but then we forget some of life's greatest gifts and blessings. King David wrote in ***Psalm 90, "So teach us to number our days, that we may apply our hearts unto wisdom." (Psalm 90:12)***

**The Three Revolutionary Truths:**

**The Most Valuable Part of Your Life Is Your Soul**

**Underscore in your mind these two words "highest goal."** Make it your life purpose. Don't say, "One of the things I want in life is the salvation of my soul." Make it number one.

**Why does God say make it your highest goal?**

Because you can accumulate all the wealth in this world but if you die and go to hell, it will profit you nothing and only our Soul is eternal. You are eventually going to figure out in your final moments of life that what really matters most. Why not figure it out sooner?

**The Greatest Value Daunted – The Problem is Sin**

The word of God says: ***Romans 3:10 "As it is written, There is none righteous, no, not one:"***

When God created this world, everything was perfect. But He has given man free will. He gave them a simple command. Not to eat the fruit of the tree in the midst of the garden for in they that they eat thereof they will surely die. And they failed.

Everything was good until sin entered in their lives. But the sin that Adam and Eve was not inherited by their children. There is no such teaching as inherited original sin. "The sins of the Fathers are not the sins of the children." But we did inherit the potential to sin. David says in the book of Psalms, ***"In sin did our mother conceive me."*** It has always been man's choice to disobey God and commit sin.

**The Greatest Value Redeemed – The Only Solution is a Savior**

But God, in His great love for us did not leave us without hope. But all throughout the generation that pass, no one was qualified to bear our sins. Because all men are sinners. So God did the unthinkable...He himself became man. And He gave His life, died a sacrificial death on the cross, was buried and rose from the dead on the third Day. We call it the Gospel. The Good News! The greatest Value.

**How can I receive Redemption of My Soul? It's As Simple as ABC:**

**Admit that you are a sinner**

*Romans 3:23 "For all have sinned, and come short of the glory of God;"*

**Believe on what Jesus Christ has done for you**

*Romans 5:8 "But God commendeth his love toward us, in that, while we were yet sinners, Christ died for us."*

**Confess you sins and accept Jesus as our Lord and Personal Savior**

*Romans 10:9-10 "That if thou shalt confess with thy mouth the Lord Jesus, and shalt believe in thine heart that God hath raised him from the dead, thou shalt be saved. 10 For with the heart man believeth unto righteousness and with the mouth confession is made unto salvation."*

***You can pray this prayer...***

*Lord Jesus, I admit that I am a sinner,*
*I believe that you died on the cross to pay my debt of sins,*
*I confess my sins to You, forgive me.*
*I accept you in my heart as my Lord and Personal Savior.*
*In Jesus Name, Amen*

## Celebrating a Half Decade... (mula p1)

Mayor Nerivi Santos Martinez was able to help not just the youth but also our senior citizens by providing them free cataract operations, eyeglasses, canes, LGU-Funded Social Pensions and wheelchairs, additional benefits for the 4Ps beneficiaries and PWDs (Persons with Disabilities), as well as livelihood opportunities for cooperatives and Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs).

Since then, Talavera has been receiving various awards. Last year and in 2016, Talavera was recognized as an awardee of the Seal of Good Local Governance for its integrity and delivery of quality public service. Some other awards include Green Banner Award for Nutrition since 2013, Outstanding Municipality in the Region, Rice Achievers Award (Hall of Fame), 2nd place award for the PWD Most Friendly Municipality in Region and Pinakamaringal na Pamilihang Bayan. This June 2018, Talavera was recognized as the Most Outstanding LGU Implementing the Streamlining Program in the Issuance of Mayor's Permit (regional and provincial category), Best LGU in Customer Relations (regional and provincial category) and was placed first and second as the Most Outstanding LGU for IT Innovations in provincial and regional category respectively.

By looking at the success of each aspect which we can refer as the foundation of her achievements, we can positively say that Mayor Nerivi did more than just aim high. Success is the kind of word that is difficult to define, but Talavera has proven over the past years that these achievements are noteworthy enough to be recognized because of the best leader Talavera has ever had.

## Environmental Planner na! (mula p4)

Ang tagumpay na ito ay magsilbi nawang inspirasyon upang mas lalong mapagbuti ang inyong pagbibigay ng serbisyo at malasakit sa mamamayan.

Kinikilala ng pamahalaan ang importansya ng environmental planning para sa pagsulong at mas lalong pag-unlad ng ating bayan. Mahalaga ang papel nito upang maiwasan ang hindi magandang epekto sa kapaligiran ng mga gagawing proyekto at programa ng pamahalaan maging ang wastong paggamit ng ating kalupaan at katubigan tungo sa pagyabong ng ating komunidad.




## Gatas ng Kalabaw... (mula p3)

Pinakatampok sa 12th Gatas ng Kalabaw Festival ang naging ceremonial slicing ng dambuhalang kesong puti na pinangunahan ni Mayor Nerivi. Matapos ay pinagsaluhan ito ng mga panauhin kasama ang mainit na pandesal. Ang kesong puti ay may sukat na 180cm x 112cm at may taas na 4cm. Ito ay may kabuuang timbang na 400 kilo mula sa purong gatas ng kalabaw na gawa ng PCC.

Bilang OTOP o One Town, One Product ng Talavera, bibigyan pa ng masusing pokus ang dairy farming upang mas lalong maiangat ang estado at makilala ang Talavera kasama ng mga kakambal na produkto nito. Masayang ibinalita ni Mayor Nerivi na sa susunod na taon, ipagdiriwang ang Kesong Puti Festival sa Bayan ng Talavera at susubukang ihanda ang pinakamalaking kesong puti sa buong Pilipinas sa tulong ng PCC at mga magkakalabaw sa Bayan ng Talavera. Sa suporta ng pamahalaang bayan at iba't ibang sektor, tiyak na mas marami pang benepisyo ang maibibigay sa mga magsasaka upang mas mapaunlad at mapalakas ang dairy industry na kanilang pangunahing hanapbuhay.

## Kapag may Itinanim, Tiyak may Aanihin




Isa sa ipinagmamalaking programa ni Mayor Nerivi Santos Martinez ang Gulayan Program, ang programang naglalayong magkaroon ng pagkaing masustansiya sa hapag-kainan, magbigay ng alternatibong pagkakakitaan ng pera at sumagot sa kasapatan ng pagkain sa komunidad.

Nitong Mayo 22, 2018 ay kinilala at binigyang gantimpala ang mga nagwagi sa Gulayan sa Bakuran, Barangay at Paaralan na may hangaring mabigyan ng importansya ang pagtatanim ng gulay sa bakuran at mahikayat ang bawat komunidad na magtanim para sa patuloy na nutrisyon ng kanilang pamilya.

Ang programang ito ay naaayon din sa adhikain ng administrasyong Duterte sa pagsulong sa abot-kayang pagkain sa hapag ng bawat isang Filipino, sa pamamagitan ng pagtatanim ng gulay. Ito ay isa sa mga programa ng gobyerno na may layuning mapababa ang antas ng kagutuman at kahirapan sa Pilipinas.

Upang masiguro ang seguridad sa pagkain sa bawat paaralan, bawat kabahayan at buong komunidad, ang Gulayan Program ay nagsisilbing pundasyon upang maikintal sa isipan ng bawat isa ang magandang kasanayan at pagpapahalaga sa agrikultura.

Nagwagi sa Gulayan sa Barangay 1st evaluation, ang Brgy. Mamandil habang pumangalawa naman ang Brgy. Bulac. Nagkamit ng ikatlong pwesto ang Brgy. Lomboy. Para sa 2nd evaluation, nakuha ng Brgy. San Pascual ang unang pwesto na sinundan ng Brgy. Bulac. Nakuha ng Brgy. Pag-asa ang ikatlong pwesto.

Sa kategoryang Gulayan sa Bakuran 1st evaluation (Individual Garden), kinilala ng Pamahalaang Bayan ng Talavera si Patrocenia Dela Yola (Brgy. Bulac) na nagkamit ng unang pwesto habang ang ikalawang pwesto ay nakuha ni Joseph Lorenzana (Brgy. Andal Aliño). Nakamit naman ni Josephine Osorio ang ikatlong pwesto. Para sa 2nd evaluation nito, nakamit ni Feliza Reña (Brgy. Dimasalang Sur) ang unang pwesto samantalang ang ikalawang pwesto ay nakuha ni Joseph Lorenzana (Brgy. Andal Aliño). Ang ikatlong pwesto ay nakuha ni Patrocenia V. Dela Yola.

Kinilala ang Pula Elementary School bilang nagkamit ng unang pwesto sa kategoryang Gulayan sa Paaralan (elementary level) 1st at 2nd evaluation. Habang nakuha ng Bagong Sicat Elementary School ang pangalawang pwesto (1st evaluation) at pangatlong pwesto (2nd evaluation). Sicsican Matanda Elementary School ang nakakuha ng ikatlong pwesto sa 1st evaluation maging ang ikalawang pwesto sa 2nd evaluation.

Para naman sa Gulayan sa Paaralan (high school level), nakuha ng Talavera National High School ang unang pwesto sa 1st evaluation. Sinundan ito ng San Ricardo National High School at Sibul National High School. Para sa 2nd evaluation, kinilala na unang pwesto ang Sibul National High School, habang ang San Ricardo National High School naman ang nagkamit ng ikalawang pwesto. Nakuha ng Tabacao National High School ang ikatlong pwesto.

Nagpapasalamat si Mayor Nerivi sa buong suporta ng Bayan ng Talavera sa programa. Ang Gulayan Program ay patunay na hindi kailangang gumastos upang makamit ang isang malusog na pangangatawan.

## Nagbibigay ng Serbisyo't Malasakit




DAY CARE CENTER & CEES BUILDING, CASULUCAN ESTE

BUSINESS PERMITS AND LICENSING OFFICE AWARDS

PRIME - HRM

ROAD CONCRETING BRGY. DIMASALANG SUR

BREAKFAST FELLOWSHIP WITH THE PASTORS

BLESSING & RIBBON CUTTING OF THE NEW TALAVERA PUBLIC MARKET OFFICE

MCEDO MEETING

NEW E-CLASSROOM BUILDING SAN RICARDO ELEMENTARY SCHOOL

PALARONG BAYAN 2018

INAUGURATION OF SENIOR CITIZEN BUILDING BRGY. PINAGPANAAN

HANDOG NA TRIBIKE SA BARANGAY NUTRITION SCHOLARS AT FISH VENDORS

DIALOGUE WITH THE HOME OWNERS OF ESGUERRA

GRADUATION OF 5TH BATCH OF REFORMISTS

BLESSING OF CASULUCAN ESTE ELEMENTARY SCHOOL

GAWAD SAKA AWARDEES

INSPEKSYON SA PAMILIHANG BAYAN

## Kalinga para kay Lolo at Lola



## Scholarship Entrance Examination



# Fiesta Highlights

## STREET DANCE EXHIBITION




Isang makulay na street dance exhibition ang ginampanan ng mga mag-aaral mula sa Talavera National High School, Bulac National High School, San Ricardo National High School, Tabacao National High School at Sibul National High School. Ito ay ginanap sa harap ng munisipyo noong Mayo 9, taong kasalukuyan. Sa katuwaan ni Mayor Nerivi Santos Martinez sa kanyang nasaksihang pagtatanghal, bukod sa 10,000 na handog sa bawat paaralan ay nagbigay siya ng 30,000 sa Talavera National High School na siyang itinanghal na may pinakamagandang presentasyon.

## BEST BOOTH

Sa pagdidisplay ng mga gawang-likha sa bayan ng Talavera, kinilala ang Rural Improvement Club (RIC) Federation bilang best booth at exhibitor na may pinaka-malikhaing booth noong Mayo 9-10, 2018. Ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperative (NEFEDCO) naman ang itinanghal na pangalawa. Sinundan ito ng Talavera Handicraft.





## PANTAWID GOT TALENT

Sa unang pagkakataon, ipinamalas ng mga benepisyaryo ng 4Ps ang kanilang mga talento sa ginanap na Pantawid Got Talent kasabay ng pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka 2018 noong ika-11 ng Mayo, taong kasalukuyan. Itinanghal na panalo ang Brgy. Pula samantalang ang grupo mula sa Brgy. Paludpod, Homestead I, Homestead II at Minabuyoc naman ang itinanghal na pangalawa. Kinilala sa ikatlong pwesto ang Brgy. San Pascual. Nagsilbing mga hurado sina Ms Maxima de Ocampo, Ms. Teresita Parayno, Ms. Jocelyn Sebastian, Mr. Eric Soriano, Mr. Jomar Guevarra at Ms. Charlene Caballero. Ang patimpalak ang nagsilbing bahagi ng mga benepisyaryo sa selebrasyon ng Linggo ng Magsasaka 2018.




## DAGDAG NINGNING SA GABI NG PASASALAMAT





Naging panauhin at naghandog ng awitin si Ms. Sunshine Cruz sa Gabi ng Pasasalamat kung saan kinilala at binigyang parangal ang mga katuwang sa pag-unlad ng Pamahalaang Bayan ng Talavera nitong Mayo 11, 2018. Ang pagdating ni Ms. Sunshine Cruz na siyang nagdagdag ng ningning sa pagdiriwang ay handog ng Nueva Ecija Electric Cooperative (NEECO) II Area I, sa pangunguna ni Director Reynaldo Villanueva, Bokal Rafael Andrew "Rap-Rap" Villanueva at Konsehal Ryan Arvin "Yan-Yan" Villanueva.

## FLOAT PARADE



Makukulay at malikhaing mga float ang pumarada sa Bayan ng Talavera na ginanap noong Mayo 15, 2018. Wagi sa unang pwesto ang Talavera North District na sinundan ng Nueva Ecija Electric Cooperative (NEECO) II Area I. Talavera South District ang itinanghal sa pangatlong pwesto habang ang Alalay sa Kaunlaran (ASKI) Inc. ang nakakuha ng ikaapat na pwesto. Nakuha naman ng Kaagapay sa Pangkabuhayan Lending Inc. (KASAPI) ang ikalimang pwesto. May kabuuang dalawampu't isa (21) ang sumali at nakiisa sa temang: "Masaganang Buhay ng Magsasaka sa Maunlad na Bayan ng Talavera."

## VARIETY SHOW

Pinakahihintay ng mga kabataan ang mga artistang panauhin sa kapistahan. Sa pangunguna ni Mayor Nerivi Santos Martinez, San Ildefonso, Bulacan Mayor Carla Galvez-Tan, Vice Mayor Anselmo B. Rodiel III at mga konsehal ay masayang nakipagsayawan at nakipagkantahan ang mga manonood kasama ang bandang Aegis, Ex-Batallion at iba pang lokal na banda noong Mayo 14, 2018. Napuno ng musika at saya ang Bayan ng Talavera sa sumunod na gabi, Mayo 15, nang makisaya naman ang Rocksteddy kasama sina Yam Concepcion at Aubrey Miles.



# Agri - Trade Fair 2018





Pormal na binuksan ang Agri – Trade Fair 2018 noong ika-9 ng Mayo sa Himnasyo ng Bayan na siyang naging hudyat ng pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka 2018. Naging makulay ang selebrasyon na dinaluhan ng mga katuwang at kasama sa industriya ng pagsasaka.

Sa pangunguna ni Mayor Nerivi Santos Martinez at Vice-Mayor Anselmo Rodiel III kasama ng mga piling panauhin na sina Dr. Arnel del Barrio, Executive Director ng Philippine Carabao Center (PCC), Ms. Bi Pili, Provincial Director ng Department of Trade and Industry (DTI), Dr. Eva Fernando ng Department of Agriculture-Regional Field Office 3 at si Bokal Belinda "Baby" Palilio, ginawa ang isang ribbon-cutting ceremony sa pagbabasbas ni Rev. Fr. Aldrin Domingo, parish priest ng San Isidro Labrador Parish Church katulong si Fr. Dean Jerome Cruz.

Ang Agri-Trade Fair ang pinakatampok na gawain sa pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka. Dito binibigyan ng pagpapahalaga ang mga ani mula sa bukid. Gaya ng naging nakaugalian, dito rin ipinamamalas ang mga "pinaka" - pinaka-malaking gulay at prutas gaya ng kamatis, talong, sitaw, patola, sili, upo, kalabasa, ampalaya, sibuyas, mais, pipino, singkamas, mangga, saging, papaya.

Tampok din ang mga produktong nagmumula sa mga pananim na gulay at prutas. May tsaa mula sa luya at luyang dilaw, may peanut butter, polvoron, chicharon, burong isda. Produkto mula sa kabute gaya ng kabute chips, kabute chili garlic sauce, kabute bagoong, pati na ang kabute butter bars. Mayroon ding tamarindo, leche flan, palabok, relyenong bangus, puto, longganisa at iba't-ibang klase ng bigas. Mga produkto mula sa gatas ng kalabaw - may fresh milk na may iba't – ibang lasa gaya ng melon, strawberry at chocolate. Mayroon ding yogurt, pastilyas at kesong puti.

Hindi rin nawala ang mga sariwang gulay at prutas na pinagkaguluhan ng mga mamimili. May ampalaya, kulitis, kalabasa, kamatis, mangga, talong, sibuyas, bawang, katuray. Sa kalahatan, mayroong dalawampu't isang exhibitors na nakiisa sa selebrasyon: mga micro-small-medium enterprises (MSME), mga ahensiya ng gobyerno, mga pribadong kumpanya at mga kooperatiba. Layon nito na makilala at mabigyan ng pagkakataon na mapalago ang kanilang mga negosyo.

Nagkaroon ng karagdagang ningning ang selebrasyon dahil, kasabay ng Linggo ng Magsasaka, dito sa Talavera ginanap ang ika-11 Gatas ng Kalabaw Festival kung saan itinampok ang pinaka-malaking kesong puti at pagtataguyod na makaugalian ang pag-inom ng gatas ng kalabaw. Maaalalang ang one-town-one product ng Talavera ay gatas ng kalabaw.

Naging matagumpay ang Linggo ng Magsasaka 2018. Patunay sa masusing pagtataguyod ni Mayor Nerivi Santos Martinez sa pagsasaka na siyang pangunahing industriya ng Talavera. Prayoridad ni Mayor Nerivi na mapaigting at mapalago ang kabuhayan ng mga magsasaka para sa ikauunlad ng bawat pamilya at ng buong bayan.

# Pag-aalaga ng Baboy, Sagot sa Maginhawang Buhay

Para sa ikaaayos/ikagiginhawa ng buhay ng bawat pamilya, ang programang sustainable livelihood program (SLP) ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps ay ginagawa sa Talavera sa pamamagitan ng isang hog raising project o pag-aalaga ng mga baboy.

Tatlumpo't pitong (37) pamilya mula sa Barangay Basang Hamog, Casulucan Este at Tabacao ang nabiyayaan ng isang daan at labing-isang (111) biik na binubuo ng isang lalake at dalawang babae. Kasama rin dito ang mga pagkain na sapat upang ang mga biik ay mapalaki sa tamang timbang upang ito ay kanilang pagkakitaan.

Layunin ng proyektong ito na ang bawat benepisyaryo ay matuto ng pamamaraan ng pagnenegosyo upang makatulong sa kanilang pamilya at makaahon sa kahirapan. Layunin din na sa pinag-umpisahang tatlong biik kada pamilya, ito ay kanilang mapapa-ikot upang ang kanilang unang napagbilhan ay maging puhunan naman sa susunod pang mga biik na aalagaan.

Sa pakikipagtulungan ni Mayor Nerivi Santos Martinez naging katuwang ng pamahalaan sa proyekto ang Pigrolac ng Univet Nutrition and Animal Healthcare Company (UNAHCO) na ang distributor ay ang A1 Agro Fertilizer and Chemical Supply. Sila ang nagturo sa mga benepisyaryo ng tamang pamamaraan ng pag-aalaga ng mga baboy at namahagi ng libreng bitamina na produkto ng kompanya upang makatulong sa paglusog ng mga ito. Ang pagtutulungang ito kung saan mahalaga ang naging kontribusyon ng pribadong sektor, ay tunay na nagsusulong ng pangkalahatang kapakanan, malawakang pag-unlad at mas magandang buhay para sa bawat mamamayan.

LIKE US ON FACEBOOK:

www.facebook.com/talaveraOfficial

E-MAIL US:

talavera.lgu@gmail.com

# PRIME... (mula p1)

Kabilang sa iba pang kinilala ay ang bayan ng Aliaga, Palayan City, San Jose City, Cabanatuan City, Central Luzon State University (CLSU) at Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech).

Sa rekomendasyon ng CSC Regional Office III, sumailalim ang HRMO-Talavera sa pagsusuri upang makuha ang PRIME-HRM Bronze Award, na isang nasyonal na pagkilala na ibinibigay ng Civil Service Commission. Ang pagsusuri ay pinangunahan nina Ms. Dyna Marie Quimson, Ms. Melindy Twaño at Ms. Patrizia Anika Aldana na mula sa CSC Regional Office III.

Karagdagang sinuri sa HRMO ang kanilang personnel records at leave administration. Nagbigay-panayam din ang ilang mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Talavera upang masuri ang kanilang kaalaman pagdating sa mga proseso at aktibidad na isinasagawa ng HRMO at ang kahalagahan ng patuloy na pag-unlad ng bawat empleyado ng gobyerno upang makapagbigay ng epektibo at dekalidad na paglilingkod sa taong bayan.

Habang hinihintay ang resulta ng pagsusuri, magsisilbi itong inspirasyon sa HRMO at Pamahalaang Bayan ng Talavera upang patuloy na magsikap na makatugon sa mga pamantayan ng Civil Service Commission (CSC). Katulad ng layunin ng PRIME-HRM, lubos ang dedikasyon ng pamahalaan upang matugunan ang serbisyong higit pa sa inaasahan para sa taong bayan.

# Halalan... (mula p2)

Kaakibat ng responsibilidad at tiwala, inaasahan ng bawat mamamayan ng Talavera ang isang maayos at magandang pamamahala ng mga bagong talagang opisyal ng barangay at SK sa loob ng dalawang taon nilang panunungkulan.

Ito ang kauna-unahang eleksyon sa barangay matapos ang limang taon nitong pagpapaliban, samantalang unang beses naman para sa Sangguniang Kabataan (SK) matapos ang walong taon. Ang kanilang termino ay magsisimula sa ika-30 ng Hunyo, 2018.

Isang malugod na pagbati sa lahat ng nahalal!

## CONGRATULATIONS!!!
## LIGA NG MGA BARANGAY

**CEFERINO ALFONSO SR.**
Brgy. Andal Aliño

**ROMEO DE GRACIA**
Brgy. Bagong Sikat

**EDDIE GARCIA**
Brgy. Bagong Silang

**CONSOLACION ARCEO**
Brgy. Bacal I

**RODELIO PEREZ**
Brgy. Bacal II

**ROLANDO DELA CRUZ**
Brgy. Bacal III

**GUILLERMO GROSPE**
Brgy. Baluga

**LIWAYWAY BALDEDARA**
Brgy. Bantug

**VICTORINO SARILE**
Brgy. Bantug Hacienda

**JUANITO M. SERRANO**
Brgy. Basang Hamog

**ELESEO B. PUNZAL**
Brgy. Bugtong na Buli

**DANTE FERNANDEZ**
Brgy. Bulac

**ERNESTO DL. VALDEZ**
Brgy. Burnay

**WILFREDO M. DELA CRUZ**
Brgy. Caaninaplahan

**ELVIRA L. MAMUYAC**
Brgy. Cabubulaunan

**JOEL DAMACIO**
Brgy. Calipahan

**FREDIE SANTIAGO**
Brgy. Campos

**MARCELO SANTOS**
Brgy. Caputican

**JAIME SAN MATEO**
Brgy. Casulucan Este

**MICHAEL MANABAT**
Brgy. Collado

**VIRGILIO TAYAO**
Brgy. Dimasalang Norte

**CRIS ANTONIO**
Brgy. Dimasalang Sur

**SERGIO MESINA**
Brgy. Dinarayat

**JIMMY M. DUMAGUIT**
Brgy. Esguerra

**JESSIE B. BALAJONDA**
Brgy. Gulod

**MANGE VILLAMAR**
Brgy. Homestead I

**MICHEAL VELASQUEZ**
Brgy. Homestead II

**ARIEL DELOS AMA**
Brgy. Kinalanguyan

**ERWIN G. CHIOCO**
Brgy. La Torre

**MERCEDES C. BONI-FACIO**
Brgy. Lomboy

**JULIUS CESAR MENDOZA**
Brgy. Mabuhay

**RONALD LIMUECO**
Brgy. Maestrang Kikay

**FEDELITO C. SANTIAGO**
Brgy. Mamandil

**ERNESTO TUMIBAY**
Brgy. Marcos

**BENITO T. MIRANDA**
Brgy. Matias

**BENJAMIN ESPIRITU**
Brgy. Matingkis

**REYNALDO VELASQUEZ**
Brgy. Minabuyoc

**RAM MANUZON**
Brgy. Pag-asa

**ARTHUR SAN PEDRO**
Brgy. Paludpod

**EDILBERTO MARCELO**
Brgy. Pantoc Bulac

**JOEL T. DEL ROSARIO**
Brgy. Pinagpanaan

**GERTRUDES ALEJANDRO**
Brgy. Poblacion Sur

**CEFERINO RAMOS**
Brgy. Pula

**MELANIA MIRANDA**
Brgy. Pulong San Miguel

**NERITO L. SANTOS JR.**
Brgy. Sampaloc

**DINDO I. LOPEZ**
Brgy. San Pascual

**FLORANTE D. UMALI**
Brgy. San Miguel na Munti

**ARNIEL BERNARDO**
Brgy. San Ricardo

**RUPERTO S. GABOY**
Brgy. Sibul

**MARLING ROLANDO**
Brgy. Sicsican Matanda

**RANIEL S. SERRANO**
Brgy. Tabacao

**RODOLFO CORTEZ**
Brgy. Tagaytay

**EFREN OLAR**
Brgy. Valle

# Health

## Mga Sakit na Dulot ng Paninigarilyo



**Paninigarilyo sa Pilipinas**

Ang paninigarilyo ay matagal ng problema ng iba't ibang mga bansa. Sa panahon ngayon, hindi malabo na makita natin na pati ang mga bata at mga teenager ay naninigarilyo. Ang tobacco ang isa sa mga nangungunang risk factor ng mga sakit na hindi nakakahawa na nagiging sanhi ng pagkamatay ng sampung Pilipino bawat oras. Ayon sa survey na ginawa ng Global Youth Tobacco Survey noong 2015, 12% ng mga estudyanteng na may edad 13 hanggang 15 ay naninigarilyo na. Tatlo sa sampung Pinoy adults ay smokers.

Ang paninigarilyo ay maraming masamang dulot sa katawan, kaya't importanteng bawasan o tuluyan ng iwasan ito. Importante din na pigilan ang mga kabataan na subukan ito. Ang pinakamagandang magagawa natin sa problemang ito ay edukasyon at suporta sa mga taong nalulunong sa sigarilyo.

**Mga Sakit na Dulot ng Paninigarilyo**

Ang sumusunod ay ilan sa mga sakit at kondisyon na nadudulot ng paninigarilyo.

**1. COPD**

Ang COPD o chronic obstructive pulmonary disease ay isang karamdaman kung saan ang pasyente ay nahihirapang huminga. Ang taong may COPD ay kadalasang maagang namamatay. Habang tumatagal, mas nahihirapan ang pasyente huminga, at umaabot pa sa pagkakataon kung saan kahit ang pagakyat ng hagdan ay hindi na magagawa ng pasyente. Dalawang karamdaman ang kabilang sa COPD.

**a) Emphysema**

Ang sakit na ito ay untiunting sinisira ang air sacs ng baga. Ang pasyente ay may progresibong hirap ng paghinga.

**b) Chronic Bronchitis**

Ang sakit na ito ay ang pamamaga ng bronchial tubes, at pagdami ng plema.

**2. Asthma**

Magandang ideya para sa mga taong may hika na umiwas sa paninigarilyo dahil maaari nitong mapalala at mapadalalas ang atake ng sakit na ito.

**3. Cancer**

Ang pinaka karaniwang uri ng cancer na nadudulot ng paninigarilyo ay ang lung cancer o kanser sa baga. Ayon sa mga pagaaral, ang paninigarilyo ay nakakapagdulot din ng cancer sa iba't ibang bahagi ng katawan, kasama na dito ang cancer sa bato, sa atay at sikmura (stomach cancer)

**4. Nakaaapekto ito sa reproductive system**

Ang mga lalaki at babaeng naninigarilyo ay maaring mahirapang makabuo ng bata. Maari ding maapektuhan ang kalusugan ng bata kapag ang kanyang ina ay naninigarilyo habang siya ay nasa sinapupunan nito.

**Tips Para Tumigil sa Paninigarilyo**

Ang pinakamabisang paraan para maiwasan ang mga sakit na ito ay ang pagtigil sa paninigarilyo. Narito ang ilang mga tips na makakatulong sa pagiwas sa paninigarilyo.



**1. Maghanap ng magandang dahilan.**

Hindi madaling tumigil sa paninigarilyo, kaya lahat ng nagnanais na tumigil ay kailangan ng inspirasyon upang makapagsimula. Para sa iba, tumitigil sila para sila ay makapagpakita ng magandang halimbawa para sa kanilang mga anak.

**2. Maghanap ng magandang libangan.**

Magandang ideya na maghanap ng bagay na pagkakaabalahan bukod sa trabaho. Kapag ikaw ay parating marami ang ginagawa, hindi mo na masyado maiisip na manigarilyo.

**3. Umiwas sa stress.**

Kadalasan ang mga taong natigil sa paninigarilyo ay bumabalik sa pag gamit nito dahil sa pagod at stress. Upang mabawasan ang stress, magandang ideya na gumawa ng ibang bagay na makakapagparelax sa iyo.

**4. Page-ehersisyo**

Malaking tulong ang maibibigay ng ehersisyo sa isang taong gustong tumigil sa paninigarilyo. Habang ikaw ay nageehersisyo, mawawala sa isip mo ang paninigarilyo. At kapag ikaw ay nanigarilyo, mararamdaman mo kaagad ang epekto nito sa iyong stamina. Malaki din ang naitutulong ng ehersisyo sa pagbawas ng stress.


**5.**

**Maghanap ng mga kaibigan na maaaring maging mabuting impluwensya sa iyo.**

Malaki ang maitutulong sayo ng mga taong naranasan na ang hirap ng pagtigil sa paninigarilyo. Mabibigyan ka nila ng mga karagdagang impormasyon na makakatulong sa iyo at maari ka nilang bigyan ng suporta kapag ikaw ay nanghihina at napapaisip na manigarilyo uli.

**Source: https:/ www.ritemed.com.ph/articles/ mga-sakit-na-dulot-ng-paninigarilyo**

## OVERWEIGHT? 10 kumainments para sa tiyak na kalusugan




Sa tala ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI) nitong 2015, tatlo sa 10 adult Filipinos ang overweight o kaya ay obese.

Ayon pa kay National Nutrition Council-Nutrition Information and Education Division (NNC-NIED) Nutrition Officer II Kelvin R-jay Esposo, ang pagiging labis sa normal timbang ay mas karaniwan sa mga babae.

Paliwanag ni Esposo, may kinalaman ang hormone na estrogen sa paglabis sa timbang at paglaki ng baiwang ng mga kababaihan.

Nagbabala naman si Esposo sapagkat kaakibat ng paglaki ng baiwang ang pagtaas ng iba't ibang health risk gaya na lamang ng sakit sa puso, diabetes, at hypertension.

Samantala, binanggit ng nutritionist na mas mataas ang posibilidad na maging overweight ang anak kapag overweight ang ina.

Upang mapanatili ang tamang timbang at matiyak ang kalusugan, dapat aniyang sundin ang 10 kumainments.

1. Kumain ng iba't ibang pagkain.

2. Sa unang 6 buwan ni baby, breastfeeding lamang; mula 6 buwan, bigyan din siya ng ibang angkop na pagkain.

3. Kumain ng gulay at prutas araw-araw.

4. Kumain ng isda, karne, at ibang pagkaing may protina.

5. Uminom ng gatas; kumain ng pagkaing mayaman sa calcium.

6. Tiyaking malinis at ligtas ang pagkain at tubig.

7. Gumamit ng iodized salt.

8. Hinay-hinay sa maalat, mamantika, at matatamis.

9. Panatilihin ang tamang timbang.

10. Maging aktibo. Iwasan ang alak; huwag manigarilyo.



**Source: http://news.abs-cbn.com/lifestyle/02/01/16/overweight-10-kumainments-para-sa-tiyak-na-kalusugan**

# LYDOs' significant role in the SK

REPUBLIC ACT 10742 otherwise known as the "Sangguniang Kabataan Reform Act of 2015" underscored the significant role of the Local Youth Development Officers (LYDOs) in the upcoming SK elections. True to its mandate to the Filipino youth in enabling them to fulfill their vital role in nation-building, the National Youth Commission (NYC) through series of LYDO strengthening trainings have capacitated the LYDOs in the whole country to be able to prepare themselves to the functions enumerated under the new SK law especially in conducting the SK Mandatory Training to SK officials.

Rule IV, Sec.26 (d) of RA 10742 IRR provides for the functions of LYDOs, to wit:

(1) Register and verify youth and youth-serving organizations (Subject to the National Youth Commission's (NYC) revitalized Youth Organizations' Registration Program (YORP) guidelines);

(2) Provide technical assistance to the LYDC of the concerned LGU in the formulation of the Local Youth Development Plan (LYDP);

(3) Facilitate the election of the Local Youth Development Council (LYDC) representatives;

(4) Serve as secretariat to the LYDC;

(5) Conduct the mandatory and continuing training of SK officials and LYDC members, in accordance with the programs jointly designed and implemented by NYC and the DILG;

(6) Provide technical, logistical and other support in the conduct of the mandatory and continuing training programs, and to such other programs of the NYC and DILG;

(7) Coordinate with NYC, with regard to the youth programs within their jurisdiction; and

(8) Perform such other functions as may be prescribed by law, ordinance, or as the LCE, the DILG or the Commission may require.

The most relevant function of the LYDOs in the upcoming SK elections is the conduct of SKMT where the LYDOs will help ensure the active and meaningful participation of our youth leaders or the SK officials in local and national governance. This is because the LYDOs will be SK officials' lead resource person and they will serve as mentors of these SK officials when it comes to youth development.

The gap right now is, there are still Local Government Units (LGUs) that have not appointed its LYDO or that the local chief executive (LCE) has not yet designated one despite the law is clear in stating, "the LCE shall create this office or designate the person within seven months from the approval of SK Reform Act." The same was approved on January 15, 2016, and the IRR was approved on July 5, 2016.

That is why DILG issued MC 2017-36 on February 24, 2017, directing all provincial governors, city, and municipal mayors to create their LYDO within their areas of jurisdiction. This is our continuous call to all local chief executives who have not yet created the LYDO. The creation of the office is crucial especially that the SK officials will soon be assuming office. The NYC is appealing to our LCEs to kindly ensure that you have an LYDO in your respective LGUs.

On April 5, 2018, DILG released MC 2018-48 or "Guidelines in the Conduct of SK Mandatory Training (SKMT)" highlighting Section 27 of RA 10742 where deliberate failure to attend the SK Mandatory Training shall constitute sufficient ground to disqualify said SK official or Local Youth Development Council (LYDC) member or subject them to disciplinary actions. Hence, any SK official, whether elected or appointed or any member of the LYDC must undergo the mandatory training programs before he or she can assume office.

In the conduct of SKMT, management teams shall be constituted at the Regional and Provincial/City levels where an LYDO representative is one of its team members together with DILG-LGRRC Manager as the Chair, NYC representative, service providers in the region and Leagues of the local government representative. The primary role of the management team is to plan the effective roll-out/implementation of SKMT.

On the part of NYC, we have already developed and printed the SK Operations Manual for the upcoming SKMT in order to guide our SK officials in understanding and performing their roles and functions as key leaders in youth development.

We have designed the Operations Manual to provide a clear and easy to understand process guide that will help SK officials to effectively and efficiently execute the day-to-day operation of the organization, identify the expected output of SK officials to guide them in achieving their mandated functions and instill social, moral, and ethical responsibility and accountability among SK officials.

It is also worthy to note that in the new SK law, one of the qualifications of the SK Official is reaching the majority age or 18 years old making him liable for his actions as this is likewise provided for under the Civil Code of the Philippines in Article 37 defining the "Capacity to act, which is the power to do acts with legal effect."

NYC has likewise developed a "Facilitators Guide" to ensure that the Sangguniang Kabataan Mandatory Training Modules standards are strictly followed by training managers and facilitators. It is our goal that the LYDOs understand the design of the Mandatory Training program and devote sufficient time and effort to master the content of the modules with the following topics: Module 1: Session 1 Decentralization and Local Governance; Module 1: Session 2 SK History and Salient Features; Module 2: Session 1 Meetings and Resolutions; Module 2: Session 2 Planning and Budgeting; and Module 3: Session 1 Code of Conduct and Ethical Standards.

We believe that our LYDOs play a significant role in educating our soon-to-be SK officials under the new SK law, their roles on youth development, good governance and their contribution to nation-building.

We are excited and we are hopeful for the Filipino youth.

Mabuhay ang Kabataang Pilipino!

**By Assistant Sec. Rhea B. Peñaflor**
**Source:** https://thedailyguardian.net/option/lydos-significant-role-in-the-sk/

**Good better, best, Never let it rest. 'Til your good is better and your better is best.**

St. Jerome

# BAGONG TALAVERA, BAGONG SANGGUNIANG KABATAAN

**KRISTINE M. TIANGCO**
Brgy. Andal Aliño

**CHRISTOPHER IAN M. CARLOS**
Brgy. Bagong Sikat

**JHUNSEN JAKE JIMENEZ**
Brgy. Bagong Silang

**JEROME D. MINA**
Brgy. Bacal I

**RITZ ANN HERNANDEZ**
Brgy. Bacal II

**JOSHUA A. BONDOC**
Brgy. Bacal III

**RUSSELYN M. SANDAAN**
Brgy. Baluga

**DHENZIE DC. PARICA**
Brgy. Bantug

**GENALYN BESTANTE**
Brgy. Bantug Hacienda

**ALJON G. ISIDRO**
Brgy. Basang Hamog

**REYSON ESTEBAN**
Brgy. Bugtong na Buli

**DENNIS V. DELA YOLA**
Brgy. Bulac

**MC. KENNEDY SANTOS**
Brgy. Burnay

**ARNOLD DC. DIMAYA**
Brgy. Caaninaplahan

**JULIUS DACANAY**
Brgy. Cabubulaunan

**KEEMBERLY LEAH OLAR**
Brgy. Calipahan

**DEXTER C. LUCTO**
Brgy. Campos

**VON RYAN DC. VERO**
Brgy. Caputican

**MARK JOSEPH M. VALENTINO**
Brgy. Casulucan Este

**JHON CARLO DELA CRUZ**
Brgy. Collado

**GIAN CARLO LEGASPI**
Brgy. Dimasalang Norte

**MELVIN BUIZON**
Brgy. Dimasalang Sur

**JEWEL S. FRANCISCO**
Brgy. Dinarayat

**ERICKA F. ARENAS**
Brgy. Esguerra

**VERGEL POQUIZ**
Brgy. Gulod

**HILARIO P. AGUSTIN**
Brgy. Homestead I

**CEDRICK MANABAT**
Brgy. Homestead II

**RUEL SALES**
Brgy. Kinalanguyan

**JAMES ROM CLAUREN**
Brgy. La Torre

**AIME DV. ANGEL**
Brgy. Lomboy

**EMELSON DJ. MARIANO**
Brgy. Mabuhay

**FRANCISCA SALAZAR**
Brgy. Maestrang Kikay

**AMANTE FULGENCIO**
Brgy. Mamandil

**KENNETH B. BIGCAS**
Brgy. Marcos

**JHONNA E. OYAD**
Brgy. Matias

**ERWIN E. DOMINGO**
Brgy. Matingkis

**PAULO V. SORIANO**
Brgy. Minabuyoc

**JAMES T. CLAUREN**
Brgy. Pag-asa

**ABEGAIL DELA CRUZ**
Brgy. Paludpod

**LEO MARCOS**
Brgy. Pantoc Bulac

**AARON JASON GASCON**
Brgy. Pinagpanaan

**BENEDICK LACANILAO**
Brgy. Poblacion Sur

**LEOSARIO RAMOS**
Brgy. Pula

**RANCEL CHINELL DE GUZMAN**
Brgy. Pulong San Miguel

**SYLVIA GRACE DE LUNA**
Brgy. Sampaloc

**MICHAEL BULANADI**
Brgy. San Pascual

**VAN KRISTOFFER DELA CRUZ**
Brgy. San Miguel na Munti

**ROEL STA ANA**
Brgy. San Ricardo

**ROD RUEY MABAIT**
Brgy. Sibul

**MARK PAUL LORA**
Brgy. Sicsican Matanda

**JEWELL MAE GARINGO**
Brgy. Tabacao

**ANDREA T. DOMINGO**
Brgy. Tagaytay

**PATRICK YON PESCASION**
Brgy. Valle

**Congratulations!!!**

# BPLO... (mula p1)

Para sa Regional Category, kinilala ang Talavera bilang 2017 Most Outstanding LGU Implementing the Streamlining Program in the Issuance of Mayor's Permit (1st place), 2017 Best LGU in Customer Relations (1st place) at 2017 Most Outstanding LGU for IT Innovations (2nd place).

Sa lahat ng bayan na nakilahok, ang Lokal na Pamahalaan ng Talavera ang may pinakamaraming parangal na natanggap mula sa CLGCFI. Ito ay patunay na ang Bayan ng Talavera ang pinakamahusay sa buong Rehiyon 3 sa pagbibigay ng mabilis at mahusay na proseso sa pagkuha ng permit. Makatutulong ng malaki ang pangarap upang ang Talavera ay mas maraming maengganyong negosyante at masiguro ang progresibong paglago ng ekonomiya sa bayan.

Sa mga susunod na taon, pangarap ng BPLO na mapasali ang Bayan ng Talavera sa Top Ten Cities and Municipalities Competitiveness Index (CMCI), na nasa ika-tatlumpu't apat (34) na pwesto noong 2017 ayon sa datos ng National Competitiveness Council (NCC).

Kinikilala ng pamahalaan ang Business Permits and Licensing Office (BPLO) at Business One Stop Shop (BOSS) sa pangunguna ni Gng. Rosemarie Reyes sa kanilang dedikasyon at pagsisikap na maiangat ang antas ng paglilingkod ng pamahalaan tungo sa isang bayang nagbibigay ng mabuting pamamahala.

Mula sa suporta ni Mayor Nerivi Santos Martinez at sa mahusay na pagganap ng BPLO sa kanilang tungkulin, patuloy na mapatutunayan ng Pamahalaang Lokal ng Talavera ang pagbibigay ng tapat na serbisyo sa mamamayan. Ang muling tagumpay na ito ay nagsisilbing inspirasyon sa pamahalaan upang mas pag-igihin ng bawat isa ang kanilang tungkulin tungo sa pag-unlad ng Bayan ng Talavera.

## NEUST-MGT, Pasasalamat... (mula p12)

Sa kanyang ika-10 Taong Pagkatatag, malinaw na sinasalamin ang nagniningning na katotohanan na mabuti ang bunga ng kanyang programa para sa mga kabataan ng Talavera. Ang bawat isa ay hinubog para sa kapakinabangan ng lahat.

Sa pag-unlad ng pamantasan, kasamang binalangkas ang mga programa at gawain na may malaking kontribusyon sa paghubog ng mga kabataan. Kabalikat nito ang komunidad na siyang kakambal sa paglago ng mamamayan nito. Sa pamamagitan ng programa ng pamantasan, nakatitiyak na matatamo rin ang akademikong kagalingan ng bawat mag-aaral nito.

Nakaugat ang mga programa at gawain ng pamantasan sa kanyang Bisyon at Misyon. Ito ang gabay ng paaralan sa pagtatamo ng produktibong propesyunal. Binalangkas ng pamantasan ang pagsasagawa ng mga seminar at workshop sa iba't ibang larangan gaya sa pamumuno, kasanayang teknikal, sining at talento, agham, pananaliksik, palakasan, at maging outreach program.

Naging tampok sa pagbubukas ng pagdiriwang ang "unveiling" ng busto ng minamahal nating Nerito L. Santos. Ang kanyang bantayog na simbolo ng kanyang hangaring bigyan ng patas na oportunidad ang mga kabataan sa pamamagitan ng edukasyon. Dahil sa kanyang paniniwalang ang edukasyon ang susi sa isang magandang bukas, ang NEUST-MGT ay isang pamanang handog ng pagmamahal para sa bayan.

## Congratulations... (mula p1)

21. GAUDIA ZAIRA, UMAYAM
22. GLORIA, DONNABEL PAGADUAN
23. GROSPE, FRANCEL VERA CRUZ
24. GUERERRO, HONEYLANE SANTOS
25. HIPOLITO, ANGELA BAUTISTA
26. IGANG, SHADIE VELL RAMIREZ
27. LANTANO, HONEYLENE MACAMAY
28. LEABRES, GIENIVA CASTILLO
29. LOPEZ, DEEN CHARISSE GONZALES
30. LOPEZ, SHIELA MAY MACAY
31. MADERIA, BRIAN DICK BAGUINAONAN
32. MAGTALAPA, MARICEL BONDOC
33. MANABAT, DARYL HANNHA CRUZ
34. MANUZON, IMEE ROSE CELESTE
35. MATIAS, AIRA PUNAY
36. MENDOZA, CHRISTIAN ALLIC
37. NAZAR, SHIELA MAY GROSPE
38. PABLO, MARY ANNE NORTE
39. PAGATPATAN, DIANNE SANTOS
40. PAGCANLUNGAN, ARRIANNE ROSE MALLARI
41. PASCUAL, RHEA LYN ROSETE
42. PASCUAL, SAIRA ROSETE
43. RAMOS, MAE SEBASTIAN
44. REYES, NORMINDA TRINIDAD
45. RICIO, RELINDA DELA CRUZ
46. SANTOS, FLORILYN OCTAVIO
47. URAP URAP, MAJELYN TIANGCO
48. VILLANUEVA, KEVIN ABALOS

Ang Pamahalaang Bayan ng Talavera, sa pangunguna ni Mayor Nerivi Santos Martinez ay kinikilala ang determinasyon ng bawat iskolar ng bayan na maging matagumpay sa larangang kanilang napili. Ang karangalang ito ay bunga at patunay ng mabuting adhikain ng pamahalan na maging tulay sa isang magandang kinabukasan para sa bawat kabataan ng Talavera.

Congratulations!

## DICT RIS Technical Training produces more than 500 online Filipino workers in 2017

The Department of Information and Communications Technology (DICT) has produced 534 online Filipino workers in the pilot run of the Rural Impact Sourcing Technical Training Project (RISTTP).

The RISTTP aims to reduce the unemployment rate in the Philippines by creating meaningful ICT-enabled jobs in the socio-economically disadvantaged areas. The training's mission focuses on empowering the local talent with ICT-based knowledge and skills that will enable them to become digital entrepreneurs.

RISTTP has provided opportunities for out-of-school youth, housewives, persons with disabilities and even for Overseas Filipino Workers (OFWs). Lorenzo Dupa, a former OFW in Saudi Arabia, recounted how the training opened opportunities that made him stay in the country for good.

"With this training, I was able to help others to market themselves online and the most significant thing is, I can help my fellow OFW who want to go home for good. In twenty-one (21) days, I was able to get a job in Upwork.com with RIS training, I don't need to go back to Saudi because this online opportunity made me able to provide for my family and be with them at the same time," said Dupa.

The project's beneficiaries undergo a month-long comprehensive lecture and practical exercises focusing on relevant topics on personal and professional marketing, web development, photography, content writing, search engine optimization (SEO), business blogging and cyber and data privacy laws. In 2017, one hundred twenty-four (124) of the total graduates were able to land jobs immediately after the project's implementation.

Aside from empowering local talents, the training also becomes a good avenue for the promotion of Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs). Beneficiaries produce a 21-day digital campaign strategy for the MSMEs, which include content creation for both website and social media accounts. Beneficiaries are also thought how to produce blogs, banners and posters to help promote the MSMEs in the digital space. With the trainees' contributions, 381 MSMEs were able to generate more than P10 million in revenue.

DICT's Digital PH Program Manager Emmy Lou V. Delfin is positive that the project will continue to bring impact in the years to come. "This is our vision for the project – that it will be able to bring ICT into good use – providing jobs, empowering communities, building collaboration and a constant cycle of paying it forward for the betterment of every Filipino towards the achievement of a Digital Philippines," said Delfin.

With the full support from the national government and with the special attention of Senator Sonny Angara, the Rural Impact Sourcing Technical Training Project will continue to empower every Filipino especially those in the disadvantaged areas and enable them to land a decent job without the need to leave their homes.

**Source:** http://dict.gov.ph/dict-ris-technical-training-produces-500-online-filipino-workers-2017/

## DOH on the lookout for leptospirosis due to floods



The Department of Health (DOH) is anticipating a rise in the incidence of leptospirosis following the onslaught of three weather disturbances that have caused massive flooding in several regions across the country.

"Our hospitals are aware of a possible (increase in) leptospirosis cases," said Undersecretary Herminigildo Valle, adding that they have readied the antibiotic, Doxycycline, for possible leptospirosis patients in flood-affected communities.

Leptospirosis is caused by the Leptospira bacteria, which enter the body through wounds or cuts in the skin, or through the mucous membranes of the mouth, nose and eyes when a person comes in contact with floodwaters or moist soil contaminated with the urine of infected animals, especially rats.

Its symptoms include high fever, muscle pain, headache, redness of the eyes, chills, and tea-colored urine. It could lead to kidney failure and affect the lungs and brain.

To avoid contracting the disease, the DOH advises the public not to swim or wade in potentially contaminated water or floodwaters; use proper protection such as boots and gloves when work exposes one to contaminated water; and drain potentially contaminated water.

Latest data from the DOH showed a total of 2,495 cases of leptospirosis nationwide in the first 11 months of 2017, 49.1 percent higher than the 1,673 recorded in the same period in 2016.

The number of deaths also rose from 172 in 2016 to 261 in 2017.

The National Capital Region had the most number of cases with 478, followed by Western Visayas (474), Ilocos (369), Central Luzon (207), and Cagayan Valley (163).

Tropical Storms Urduja and Vinta and Tropical Depression Agaton have recently wreaked havoc in Mimaropa, Visayas and Mindanao, displacing thousands of families and inflicting millions of pesos worth of damages on agricultural land and infrastructure.

**Source: Philippine News Agency**
**http://www.pna.gov.ph/articles/1020541**

## Public Employment Information System (An Effective Management Tool for PESO)

**Jose Pepe Emana**

PEIS in its 1st year of operation helped the PESO managers nationwide in its monitoring of accomplishment able to register jobseekers and other clienteles of PESO, able to look for the jobseekers and the provision of the Labor Market Information in their locality as well those vacancies posted by the Employers.

Through PEIS, PESO Talavera was able to know its standing in the provincial, regional and national level.

The National Skills Registration Program (NSRP) is a Program initiated by the Department of Labor and Employment (DOLE) with the main objective of maintaining a continuing nationwide skills registry through its Skills Registry System (SRS) database. It is an employment facilitation machinery of DOLE which aims to cover all the cities/municipalities with operating Public Employment Service Offices (PESOs).

The PESO Employment Information System (PEIS) is the enhanced version of the Skills Registry System. It is a database of effective manpower supply containing the profiles of all persons and employers registered under the NSRP. It shows information on the qualifications and skills of the applicants as well as the job vacancies posted by the employers. This registry is maintained and updated by all participating PESO's nationwide.

As of July 6, it is with great pride and honor to proclaim that PESO Talavera topped all over Central Luzon for having the highest total number of applicants. It also has a high number of employers, with 19 private employers, 4 licensed recruitment and 1 DO 18-A Subcontractor. Regarding the total number of vacancies, PESO-Talavera has 1,875.

Through the effort and commitment of the Public Employment Service Office (PESO) to strengthen employers and jobseekers, the Local Government Unit of Talavera strives to make a community that is full of employment opportunities for each and every one.

Gabi ng Pasasalamat
LINGGO NG MAGSASAKA 2018

## Sa inyong gnintuang puso, SALAMAT!

Naging makulay at makasaysayan ang ginanap na pagkilala sa mga naging kaagapay at katuwang ng Pamahalaang Lokal ng Bayan ng Talavera. Sa kanilang pakikipagtulungan at pakiki-isa, naging mabilis ng pag-unlad ng Talavera.

Hindi lingid sa mga mamamayan na isinusulong ng Pamahalaang Lokal ang private-public partnership kung saan ang mga pribadong mamamayan o institusyon ay katulong ng bayan sa pagsulong nito. Maraming bagay ang maaaring maibahagi ng pribadong sector sa paglago ng bayan; maaring ito ay sa pagbibigay ng serbisyo/ volunteerism, kaalaman o talino, gamit o pagbabahagi ng kanilang tanging yaman.

Ang mga pinarangalan ng pagkilala at pasasalamat na naging kaagapay ng bayan ay nagmula sa iba't-ibang sector ng bayan: may nanggaling sa sector ng pangangalakal, sa akademya, sa medical na propesyon, sa pangrelihiyon, sa mga civil society organzation at mga non-government organzation. Kasama sa mga programa at proyektong pinagtuunan ng pansin ng pagsasamang ito ay ang disaster management program, ang reformation program, gulayan sa barangay, paaralan at bakuran, ang cataract operation program, feeding program, environment program, at ang mga libreng serbisyo ng pagpapagupit, masahe, at iba pa.

Kasama ang Bayan ng Talavera, iisa ang layunin ng pag-uugnayang ito, ang makatulong at maging bahagi ng pag-unlad ng bayan. Hindi matatawaran ang magandang hangaring ito na simbolo ng pagkakaisa at bayanihan.

Lubos ang paghanga ni Mayor Nerivi Santos Martinez sa kanilang ginagawang serbisyo publiko na nagpapakita ng kanilang pagmamahal sa bayang kinagisnan. Anya, mas maraming proyekto at mga programa ang maaring pagkatuwangan upang ang pagsulong ng Talavera ay mas lalong mapabilis.



Sa pagbabayanihang ito, saludo po ang Bayan ng Talavera sa kabutihang ginagawa ng pribadong sector, sa kanilang gnintuang puso na makatulong sa bayan at sa mamamayan.

Sa gitna ng selebrasyon, mas lalong binigyan ng ningning ang Gabi ng Pasasalamat sa pag-awit ng celebrity guest na si Ms. Sunshine Cruz na ikinagalak ng lahat.

Sa inyo pong lahat, saludo po kami at mabuhay kayo.

## TOP TEN TAXPAYERS



Muling binigyan ng pagkilala ang mga top ten taxpayers mula sa Bayan ng Talavera. Ang buwis o amelyar na ibinabayad sa local na pamahalaan ng bawat mamamayan o establisyemento ay instrumentong gamit sa pampublikong gastusin.

Sa pagbabayad ng kaukulang buwis ng maayos, mabilis at sa takdang oras, mas lalong naipatutupad ang mga pagawaing bayan para sa kaunlaran ng bayan at sa kapakanan ng taong bayan.

Kasabay ng pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka 2018, isang pagkilala at pasasalamat ang iginawad ng pamahalaang lokal sa sampung (10) nagnenegosyo na nakabase sa Talavera bilang may pinakamataas na bahagi ng buwis na binayaran.

Mula sa Business Permits and Licensing Office (BPLO) na pinamumunuan ni Gng. Rosemarie Reyes, ang sampo ay ang Coca-cola Femsa Philippines, Inc, Waltermart Supermarket, Inc, Sanford Marketing Corporation (SaveMore Supermarket Talavera), Jolibee Foods Corporation Talavera, Green Innovations for Tomorrow Corporation, Friendship Supermarket, Inc, Waltermart Department Store Talavera, Nueva Ecija II – Area 1 Electric Cooperative, Inc, Secrets of Southeast Dynasty, Inc. (Chowking Talavera), at Central Luzon Drug Corporation (Mercury Drug Talavera).

(Sundan sa P-3)

## NEUST-MGT, Pasasalamat sa Isang Dekada ng Pagkakatatag

Eric Nepomuceno



Sa isang dakilang layunin, tinupad at ginawang realidad ang lahat ng pangako ng dating Mayor Nerito L. Santos. Isa na rito ang pangakong magtayo ng isang libreng Kolehiyo ng Bayan sa Talavera. Sa kapangyarihan ng ika-7 Regular na Sesyon noong Agosto 13, 2007, nabuo ang isang Pambayang Resolusyon Bilang 042-2007 na naglalaman ng Memorando ng Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan nina Engr. Nerito Santos, dating punongbayan ng Talavera, kasama ang miyembro ng Sangguniang Bayan at ni Atty. Hilario C. Ortiz, dating pangulo ng Nueva Ecija University of Science and Technology-Main sa Gen. Tinio, Cabanatuan City. Isinasaad sa nasabing kasunduan ang pagtatayo ng extension campus ng pamantasan na tatawaging Nueva Ecija University Science and Technology (NEUST) - Municipal Government of Talavera (MGT).

Natatak naman sa kasaysayan ng Bayan ng Talavera ang pagdiriwang ng Ika-10 Taon ng Pagkatatag ng "Kolehiyo ng Bayan". Pebrero 15-18, 2018 ang mga makabuluhang araw na itinakda upang bigyang parangal at paggunita ang makasaysayang pag-unlad ng kolehiyo. Sa mabuting pamumuno nina Gng. Aurora J. Mangalili at sa gabay ni Dr. Angel A. Pangilinan, umusbong ang mala-Adamang pagbabago hindi lamang sa buhay ng mga mamamayan nito kundi maging sa bayan.

Nakatuon ang tema ng pagdiriwang sa PASASALAMAT SA ISANG DEKADA NG PAGKAKATATAG: kilalanin at parangalan ang mga tao na nagbigay ng kontribusyon sa pagkatayo ng kolehiyo.

Ang NEUST-MGT ay tagapanday ng mga de kalidad na propesyunal sa mundo ng pagtatrabaho.

(Sundan sa P-11)



